SAN FRANCISCO
OFFICE OF SMALL BUSINESS

NEGOSYONG LEGACY
SAN FRANCISCO

# Mag-apply para sumali sa San Francisco Legacy Business Registry

Ang maliliit na negosyong bukas ng mahigit 30 taon ay maaaring mag-apply para maisali sa Registry para makilala, sa marketing at tulong sa negosyo, at mga gawad.

## TUNGKOL DITO

Ang **Legacy Business Registry** ay may mahigit 300 negosyo ng 30+ taon - kabilang ang mga restawran, tindahan, shop, nightlife, wholesale, mga serbisyong pangkomunidad, at marami pa - na bumubuo sa kayarian ng kultura at pambihirang katangian ng San Francisco. Hanapin ang mga kasalukuyang Legacy Business sa **legacybusiness.org**

## PAKIKIPAG-UGNAYAN

**sf.gov/legacybusiness**

**(415) 554-6680**

**legacybusiness@sfgov.org**

**City Hall, Room 140**
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl., SF**

## HOW TO APPLY

### 1 LAGYAN NG TSEK KUNG NARARAPAT KANG MAG-APPLY

Ang iyong negosyo ay kinakailangang:

- Nagpapatakbo na sa San Francisco ng 30 taon o higit pa
- Hindi huminto sa pagpapatakbp sa SF ng mahigit 2 taon
- Nag-ambag sa kasaysayan o pagkakakilanlan ng San Francisco

Kailangang nakatuon ang iyong negosyo sa pagpapanatiling buhay ng kasaysayan nito. Halimbawa, pagpapanatili ng pangunahing modelo ng iyong negosyo.

### 2 MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG SUPERBISOR

Ang iyong negosyo ay kailangang manomina ng isang miyembro ng Lupon ng mga Superbisor o punong-bayan upang maging isang Legacy Business. Hanapin ang iyong negosyo sa sfbos.org

### 3 KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON

Hihilingin namin sa iyo ang:

- Impormasyon tungkol sa iyong negosyo
- (Mga) lokasyon at kasaysayan ng pagmamay-ari
- Isang nakasulat na salaysay tungkol sa kasaysayan ng iyong negosyo at kung paano ito nakapag-ambag sa kasaysayan ng San Francisco.

### MGA BOTO NG SMALL BUSINESS COMMISSION

Ang buong proseso ay aabutin ng ilang buwan, at tutulungan ka ng aming tauhan sa bawat hakbang. Sa katapusan, pagbobotohan ng Small Business Commission (Komisyon ng Maliit na Negosyo) ang pagdadagdag ng iyong negosyo sa Registry.

SAN FRANCISCO
OFFICE OF ECONOMIC & WORKFORCE DEVELOPMENT

Ang Legacy Business Program ay bahagi ng **Office of Small Business (Tanggapan para sa Maliit na Negosyo) ng San Francisco**, isang dibisyon ng San Francisco Office of Economic and Workforce Development (Tanggapan sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Manggagawa ng San Francisco). Bumisita sa **sf.gov/osb** para sa pangkalahatang tulong sa negosyo.